

ARALIN 7

1. Ano ang kalagayan ng mundo bago ito nilikha ng Diyos?

-Sa simula, walang liwanag.

-Sa simula, binabalot ng kadiliman ang buong mundo.

2. Paano nilikha ng Diyos ang liwanag sa unang araw?

-Nilikha ng Diyos ang liwanag sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

3. Paano nilikha ng Diyos ang kalangitan sa ikalawang araw?

-Nilikha ng Diyos ang kalangitan sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

4. Paano pinaghiwalay ng Diyos ang tubig na tumakip sa kalupaan?

-Inilagay ng Diyos ang ibang tubig mula sa kalupaan paitaas sa kalangitan.

-Pinanatili ng Diyos ang natitirang tubig sa mundo.

5. Sino ang nag-utos sa tubig na umatras upang lumitaw ang tuyong lupa?

-Diyos.

6. Bakit maaaring utusan ng Diyos ang tubig na umatras, at ang tubig ay dapat sumunod?

-Dahil nilikha ng Diyos ang tubig.

7. Paano nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno?

-Nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

8. Para kanino nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno?

-Nilikha sila ng Diyos para sa ating mga tao.

9. Bakit nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno?

-Dahil lubos tayong mahal ng Diyos.

10. Paano nilikha ng Diyos ang araw, buwan, at mga bituin?

-Nilikha ng Diyos ang araw, buwan, at mga bituin sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

11. Paano nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon?

-Nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

12. Para kanino nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon?

-Nilalang sila ng Diyos para sa ating mga tao.

13. Bakit nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon?

-Dahil lubos tayong mahal ng Diyos.

14. Ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa lahat ng Kanyang nilikha?

-Sinabi ng Diyos na ang lahat ay mabuti.

15. Bakit nagawang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay na walang-kapintasan?

-Dahil ang Diyos ay perpekto.

-Ano ang nilikha ng Diyos sa ikaanim na araw?

Basahin natin ang Genesis 1:24-25

24-Sinabi ng Diyos, “Magkaroon ang lupa ng mga buháy na nilalang, ayon sa kanya-kanyang uri: ng mga hayop at mga nilalang na gumagapang, at ng maiilap na hayop sa lupa ayon sa kanya-kanyang uri.” At ito ay nangyari.

25-Nilikha ng Diyos ang maiilap na hayop sa lupa ayon sa kani-kanilang uri, at maaamong hayop ayon sa kani-kanilang uri, at ang bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa ayon sa kanilang uri. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti.

-Sa ikaanim na araw, nilalang ng Diyos ang lahat ng mga hayop.

-Ilang iba’t ibang hayop ang nilalang ng Diyos?

-Higit sa mabibilang ng sinuman.

-Sino lamang ang nakalalang ng mga hayop?

-Tanging ang Diyos.

-Ang Diyos lamang ang makalalang ng mga hayop.

-Nang matapos lalangin ng Diyos ang mga hayop, nakahanda na ang kalupaan.

-Inihanda ba ng Diyos ang lupa para sa mga anghel o para kay Satanas at sa kanyang mga demonyo?

-Hindi.

-Para kanino inihanda ng Diyos ang mundo?

-Inihanda ng Diyos ang mundo para sa ating mga tao.

-Naghanda ang Diyos ng perpektong mundo para sa mga tao dahil mahal na mahal tayo ng Diyos.

-Hindi inihanda ng Diyos ang mundo para sa mga anghel.

-Hindi inihanda ng Diyos ang mundo para sa mga demonyo.

-Hindi inihanda ng Diyos ang mundo para kay Satanas.

-Inihanda ng Diyos ang mundo para sa ating mga tao lamang.

-Basahin natin ang sinabi ng Diyos pagkatapos Niyang ihanda ang mundo para sa atin:

Basahin natin ang Genesis 1:26

26-Sinabi ng Diyos, “Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa.”

-Sinabi ng Diyos, “Lalangin natin ang tao ayon sa ating wangis.”

-Sino ang kausap ng Diyos?

-Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay sama-samang nag-uusap.

-Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay nagsasalita tungkol sa paggawa sa ating mga tao ayon sa kanilang sariling wangis.

-Sa lahat ng nilikha ng Diyos, alin ang pinakamahalaga?

-Mga tao.

-Dahil ang mga tao ang pinakamahalaga sa lahat ng nilikha ng Diyos, paano nagpasya ang Diyos na gawin tayo?

-Nagpasya ang Diyos na gawin tayo ayon sa Kanyang sariling wangis.

-Paano nilalang ng Diyos ang mga tao na naiiba sa mga hayop?

-Nilalang ng Diyos ang mga tao ayon sa wangis ng Diyos, ngunit ang mga hayop ay hindi kawangis ng Diyos.

-Ano ang ibig sabihin na ang mga tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos?

-Hindi ibig sabihin na ito ay ang ating mga katawan, dahil ang Diyos ay walang katawan na may laman at buto.

-May bahagi sa atin na nilalang ayon sa wangis ng Diyos ito ay ang bahaging hindi nakikita.

-Ang bahagi natin na nilalang ayon sa wangis ng Diyos ay ang ating kaluluwa.

-Sa ating mga kaluluwa, mayroon tayong tatlong bahagi.

-Sa ating mga kaluluwa, mayroon tayong isip, damdamin, at kalooban.

-Ang ating isip, damdamin, at kalooban ay ginawa ayon sa wangis ng Diyos.

-Anong bahagi ng mga tao ang ginawa ayon sa wangis ng Diyos?

-Ang ating isip, damdamin, at kalooban.

-Una, ginawa ng Diyos ang ating mga isip ayon sa Kanyang sariling wangis.

-Dahil may isip ang Diyos, nilikha Niya tayo na may isip.

-Nakapag-iisip ang Diyos, at gusto Niya tayong mag-isip.

-Ano ang nais ng Diyos na gawin natin sa ating isip?

-Nais ng Diyos na isipin natin ang mabuti.

-Nais ng Diyos na isipin natin ang tungkol sa Diyos.

-Gusto ng Diyos na isipin natin Siya para makilala natin Siya.

-Gusto mo bang manirahan sa palumpong kasama ng mga hayop at walang tao?

-Hindi.

-Bakit?

-Dahil ang mga hayop ay hindi makapagsasalita o makapag-iisip.

-Tulad ng pakikipag-usap mo sa iyong mga kaibigan, gusto ng Diyos na makipag-usap tayo sa Kanya.

-Ang Diyos ay may isip, at nilikha Niya tayo na may isip.

-Binigyan tayo ng Diyos ng isip para makilala natin ang Diyos.

-Pangalawa, nilalang ng Diyos ang ating mga damdamin ayon sa Kanyang sariling wangis.

-Dahil may damdamin ang Diyos, nilalang Niya tayo na may damdamin.

-Magiging masaya ang Diyos, at gusto Niya tayong maging masaya.

-Gusto ng Diyos na maging masaya tayo tungkol sa Diyos.

-Nais ng Diyos na mahal natin Siya.

-Napopoot din ang Diyos.

-Ano ang kinapopootan ng Diyos?

-Kinapopootan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Ano ang kasalanan?

-Ang kasalanan ay ayaw ng Diyos.

-Ang kasalanan ay ang lahat ng bagay na ayaw ng Diyos.

-Nalulungkot din ang Diyos.

-Ano ang ikinalulungkot ng Diyos?

-Ikinalulungkot ng Diyos ang mga taong hindi nagmamahal sa Kanya.

-Tulad ng pagmamahal mo sa iyong mga anak, mahal ka rin ng Diyos.

-Ang Diyos ay may mga damdamin, at nilikha Niya tayo na may mga damdamin.

-Bakit tayo binigyan ng Diyos ng damdamin?

-Upang mahal natin ang Diyos.

-Ikatlo, nilalang ng Diyos ang ating kalooban ayon sa Kanyang sariling wangis.

-Dahil may kalooban ang Diyos, nilalang Niya tayo na may kalooban.

-Maaaring pumili ang Diyos, at gusto Niya tayong pumili.

-Ano ang nais ng Diyos na gawin natin sa ating kalooban?

-Nais ng Diyos na piliin natin ang mabuti.

-Nais ng Diyos na piliin natin ang Diyos.

-Nais ng Diyos na piliin natin Siya upang maging mabuti ang ating buhay.

-Kapag pinaputok mo ang baril, pinipili ba ng baril kung ano ang babarilin?

-Hindi.

-Bakit?

-Dahil ang baril ay walang kalooban.

-Kapag isinagwan mo ang iyong bangka sa tubig, pinipili ba ng bangka kung saan pupunta?

-Hindi.

-Bakit?

-Dahil ang bangka ay walang kalooban.

-May kalooban ang Diyos, at nilikha Niya tayo na may kalooban.

-Binigyan tayo ng Diyos ng kalooban para piliin natin ang Diyos.

-Basahin natin ang tungkol sa paglikha ng Diyos sa unang tao:

Basahin natin ang Genesis 1:27

27-Kaya't nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang. Sila'y kanyang nilalang na lalaki at babae.

-Ilang tao ang nilalang ng Diyos sa simula?

-Isang lalaki at isang babae lamang.

-Una, nilalang ng Diyos ang unang tao.

-Pagkatapos, nilalang ng Diyos ang unang babae.

-Ano ang pangalan ng unang lalaki?

-Adan.

-Sino lamang ang nakalalang ng unang lalaki at babae?

-Tanging ang Diyos.

-Ang Diyos lamang ang makalalang ng mga tao.

Basahin natin ang Genesis 2:7a

7-At nilalang ng Panginoong Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa,

-Nilikha ng Diyos si Adan mula sa alabok ng lupa.

-Ngunit bakit hindi pa nabubuhay si Adan?

-Dahil ang Diyos ay hindi pa humihinga ng buhay kay Adan.

Basahin natin ang Genesis 2:7b

7-At nilalang ng Panginoong Diyos at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buháy na kaluluwa.

-Si Adan ay nabuhay lamang nang hiningahan siya ng Diyos ng buhay.

-Ang Diyos lamang ang makapagbibigay ng buhay sa mga tao.

-Ang Diyos lamang ang makapagbibigay ng buhay.

-Si Adan ang simula ng buong sangkatauhan.

-Si Adan ang ama ng buong sangkatauhan.

-Sa simula, hindi nilalang ng Diyos ang lahi ng mapuputing tao at lahi maiitim na tao.

-Sa simula, nilalang lamang ng Diyos ang isang lalaki at isang babae.

-Lahat ng tao ay nagmula kay Adan.

-Lahat ng tao ay mga inapo ni Adan.

-Pagkatapos lalangin ng Diyos si Adan, ano ang ginawa ng Diyos kay Adan?

Basahin natin ang Genesis 1:28

28-Sila'y binasbasan ng Diyos at sa kanila'y sinabi ng Diyos, “Kayo’y magkaroon ng mga anak at magpakarami, punuin

ninyo ang lupa at supilin ninyo ito. Magkaroon kayo ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawat bagay na may buhay na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.”

-Ginawa ng Diyos si Adan na tagapamahala ng buong mundo.

-Bakit hindi ang mga anghel ang tagapamahala ng mundo?

-Dahil ginawa ng Diyos ang mga tao na tagapamahala ng mundo.

-Bakit hindi ang mga demonyo ang tagapamahala ng mundo?

-Dahil ginawa ng Diyos ang mga tao na tagapamahala ng mundo.

-Sino ang lumikha ng mundo?

-Diyos.

-Kanino ang mundo?

-Diyos.

-Kaninong desisyon na gawin na ang mga tao ang mamamahala ng mundo?

-Tanging sa Diyos.

-Ano ang sinabi ng Diyos pagkatapos Niyang likhain ang lahat?

Basahin natin ang Genesis 1:31

31-Nakita ng Diyos ang lahat ng kanyang nilikha at ito ay napakabuti. Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikaanim na araw.

-Pagkatapos na likhain ng Diyos ang lahat, nakita ng Diyos na ito ay napakabuti.

-Dahil perpekto ang Diyos, lahat ng nilikha ng Diyos ay perpekto.

-Ano ang buhay sa simula?

-Sa simula, walang galit.

-Sa simula, walang poot.

-Sa simula, walang kasamaan.

-Sa simula, walang kamatayan.

-Sa simula, nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay na perpekto.

-Sino ang nanonood noong nilikha ng Diyos ang isang perpektong mundo?

-Ang mga anghel ng Diyos, si Satanas, at ang kanyang mga demonyo.

-Nakita ng mga anghel ng Diyos na ginawa ng Diyos ang lahat ng bagay na perpekto.

-At sila ay naging masaya.

-Masaya ba si Satanas at ang kaniyang mga demonyo nang nilikha ng Diyos ang isang perpektong sanlibutan?

-Hindi.

-Nakita ni Satanas at ng kanyang mga demonyo na ginawa ng Diyos ang lahat ng bagay na perpekto, at sila ay labis na nagalit.

-Nakita ni Satanas at ng kanyang mga demonyo na ginawa ng Diyos ang mga tao sa Kanyang larawan, at sila ay labis na nagalit.